Huwag ninyong tawagin ang nagkukunwaring mananampalataya na Ginoo sapagkat tunay na siya, kung siya ay Ginoo, ginalit nga ninyo ang Panginoon ninyo, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan.

Ayon kay Buraydah, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Huwag ninyong tawagin ang nagkukunwaring mananampalataya na amo sapagkat tunay na siya, kung siya ay amo, ginalit nga ninyo ang Panginoon ninyo, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang kahulugan ng ḥadīth: Ang nagpapanggap na sumasampalataya, kung siya ay isang amo sa isang dako, na siya ay malaking tao ng lipi niya at tinawag ninyo siyang amo, ginalit nga ninyo si Allah dahil iyon ay isang pagdakila para sa kanya gayong siya ay kabilang sa hindi karapat-dapat sa pagdakila. Kung hindi naman siya isang amo sa mga kalipi niya o isang malaking tao sa mga kalipi niya, tunay na ito ay magiging isang kasinungalingan at isang pagkukunyari. Sa dalawang kalagayan ay ipinagbabawal ang pagtaguri ng salitang amo sa nagpapanggap na mananampalataya at tulad nito: ang tumatangging sumampalataya (Kāfir), ang suwail (Fāsiq), at ang gumagawa ng bid`ah (Mubtadi`), sapagkat ang mga ito ay lubusang hindi karapat-dapat sa paglalarawan ng pagkaamo. Mirqāh Al-Mafātīḥ 3009/7 at Sharḥ Sunan Abī Dāwud lil`Ibād (Kopyang Elektronika).

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8962